## Tala: 1

Upper Gastrointestinal Series(includes abstract) Rebeiz EE; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052382

Abstract: Ito ay serye ng mga x-ray ng lalaugan (esophagus), sikmura, at duodenum habang at pagkatapos uminom ng solusyon ng barium . Ang duodenum ay ang unang bahagi ng maliit na bituka. Sama-sama, ang lalaugan (esophagus), sikmura, at duodenum ay tinatawag na upper gastrointestinal (GI) tract o itaas na bahagi ng digestive system.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Upper Gastrointestinal Series

**(Upper GI Series, Paglunok ng Barium, Barium na Pagkain)**


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

### Kahulugan

Ito ay serye ng mga x-ray ng lalaugan (esophagus), sikmura, at duodenum habang at pagkatapos uminom ng solusyon ng barium . Ang duodenum ay ang unang bahagi ng maliit na bituka. Sama-sama, ang lalaugan (esophagus), sikmura, at duodenum ay tinatawag na upper gastrointestinal (GI) tract o itaas na bahagi ng digestive system.

**Itaas na Bahagi ng Digestive System**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

### Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Lalaugan (esophagus)
- Sikmura
- Duodenum

### Mga Dahilan para sa Proseso

Ang upper GI series ay maaaring ibilin kung mayroon kang:

- Pagtatae
- Pagbaba ng timbang
- Pananakit sa tiyan o sikmura

- Kahirapan sa paglunok
- Pagsuka ng kinain (regurgitation)
- Pagdurugo sa puwet
- May dugong dumi o maitim, parang alkitran na dumi
- May dugong suka o "giniling na kapeng" suka

Ang upper GI series ay maaaring makatulong na makita ang:

- Ulcer
- Pagbabara
- Di-normal na bukol o tumor
- Diverticula —isang di-normal na bulsa o sako na bumubukas mula sa isang walang lamang organ, gaya ng bituka
- Gastroesophageal reflux disease (GERD)
- Hiatal hernia
- Crohn's disease
- Pulmonary aspiration—paglanghap ng likido, pagkain, o ibang bagay sa mga baga
- Pamamaga ng sikmura o maliit na bituka

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Pagkain sa sikmura
- Barium sa colon
- Nabutasan o nabarahang bituka

Dahil sa mga panganib sa pagkakalantad sa radiation, hindi ka dapat magkaroon ng upper GI series kung ikaw ay buntis.

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

- Pag-aralan ang iyong mga gamot kasama ang iyong doktor. Maaaring mayroon ilang kailangan mong tigilang inumin bago ang prosesong ito.
- Huwag kumain, uminom o manigarilyo nang hindi kukulangin sa walong oras bago ang proseso.
- Maaaring bigyan ka ng gamot na tinatawag na glucagon . Pababagalin nito ang kaganapan sa sikmura at maliit na bituka.
- Maaaring hingin sa iyong lumunok ng mga kristal ng baking soda. Bubula ang mga kristal na ito at gagawa ng gas sa iyong sikmura, na tumutulong upang magkaroon ng mas detalyadong mga x-ray.
- Kung magkakaroon ka ng kasunod na pagsuri sa maliit na bituka, maaaring iinom ka ng gamot na laxative sa araw bago ang iyong eksaminasyon. Lilinisan nito ang iyong maliit na bituka.

## Anesthesia

Wala

## Paglalarawan sa Proseso

Tatanggalin mo ang lahat ng alahas at magsusuot ng damit pang-ospital. Iinom ka ng barium. Ang barium ay malapot, puti, parang yeso, mala-gatas na likido. Binabalot nito ang panloob na balat ng lalaugan (esophagus), sikmura, at duodenum. Habang umiinom ka ng barium, kukuha ang radiologist ng mga x-ray ng itaas na bahagi ng GI, gamit ang makinang tinatawag na fluoroscope. Maaaring naisin ng iyong doktor na tingnan ang iyong lalaugan (esophagus). Kaya maaaring kunin ang mga larawan habang nilulunok mo ang

likido o mga maliiit na piraso ng pagkaing nabalot ng barium. Magpapalit ka ng posisyon nang madalas upang mabalot ng barium ang buong panloob na balat ng GI tract.

Kung gustong tingnan ng doktor ang mas marami sa iyong maliit na bituka, maaaring isunod na gawin ang pagsuri sa maliit na bituka. Para sa eksaminasyong ito, kukunin ang mga larawan ng x-ray tuwing 15-30 minuto habang naglalakbay ang barium sa bituka.

## Pagkatapos ng Proseso

Maaari kang kumain at uminom gaya sa karaniwan.

## Gaano Katagal Ito?

Ang upper GI series ay maaaring magtagal sa pagitan ng 30 minuto at dalawang oras. Ang kasunod na pagsuri sa maliit na bituka ay maaaring magtagal nang 1-4 oras.

## Masakit Ba?

Wala

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Pagtitibi nang ilang araw pagkatapos ng proseso
- Puting dumi
- Pagbabara sa bituka, bihira
- Barium sa iyong mga baga, na maaaring humantong sa pulmunya

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Uminom ng maraming likido upang tanggalin ang barium sa iyong katawan.

**Resulta**
Ang normal na upper GI series ay magpapakita ng hindi nabarahan, gumagana, malusog na digestive tract. Kabilang sa mga abnormalidad na maaaring makita sa upper GI series ang:

- Mga pagbabara
- Mga ulcer sa lalaugan (esophagus), sikmura, o maliit na bituka
- Mga iregularidad sa mekanismo ng paglunok

Gagawa ang iyong doktor ng mga rekomendasyon sa paggamot batay sa mga resulta.
**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**
Pagkagaling sa ospital, tawagan ang inyong doktor kung magkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- Pananakit o pamamaga sa tiyan
- Pagtitibing hindi nawawala sa loob ng ilang araw
- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for

professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052382